

T Ang Tanggapan ng Koreo ay maisasa-pribado na sa Oktubre 1st.

...Pero huwag mag-alala. Walang pagbabago sa paggamit ng serbisyong postal.

Ang Japan Postal Service Public Corp. ay ang opisyal na pangalan ng tanggapan ng koreo. Magmula sa Oktubre 1st, ito ay maisasa-pribado na at mahahati sa tatlo, Postal Service Co., Ltd, Postal Savings Co., Ltd, at Postal life Insurance Co., Ltd. Ang kanilang trabaho ay isasagawa sa “window outsourcing”. Ang “Postal Service Co., Ltd” ay para sa koreo. Pumili kami ng ilang mahahalagang bagay para sa patnubay ng tanggapan ng koreo.

Q Anong mangyayari sa tanggapan ng koreo?

Sa ngayon, saan mang tanggapan ng koreo ay may postal / saving service at insurance service.

Q Maaari pa ba naming gamitin ang lumang selyo at poskard?

Oo, maari pa ring gamitin ang lumang selyo at poskard bago ito maging pribado.

Q Ano ang aking gagawin kung maghuhulog ako ng sulat?

Pumunta lamang sa tanggapan ng koreo o gamitin ang posbaks.

Q Ang serbisyo ba ng paghahatid ng sulat ay gaya ng dati?

Oo, walang pagbabago. Gaya ng lumang sistema, ang mga paksang postal ay maihahatid sa inyo sa loob ng 3 araw pagkatapos ng araw ng inyong paghuhulog. Ito ay parehas sa paghahatid ng parsela.

Q Ang bayad bas a postal ay mag-iiba?

Ang bayad sa serbisyong postal at paghahatid ng parsela ay gaya pa rin ng dati. Ang halaga ng liham at poskard ay depende sa lokalidad.

Q Paano ko matatanggap ang postal na padala?

Kung nakaligtaan ninyo ang paghahatid nito, gaya ng dati, ihahatid ito muli kung kailan kayo may oras. O kaya naman ay makiusap na kunin na lang sa “bintana ng Yu-Yu ng Postal Service Co., Ltd o sa tanggapan ng koreo kung alin sa inyo ang mas madali.

Q Paano ako magbabayad ng tax na ipapadala galing ibang bansa?

Ang gagawin ninyo lamang ay bayaran ang taks sa tagapaghatid ng koreo.

Q Saan ako tatawag para sa mga katanungan ko ukol sa postal?

Tumawag lamang sa senter ng serbisyo sa tanggapan ng koreo
(toll-free telephone service 0 1 2 0 - 2 3 - 2 8 - 8 6)

Q May impluwensya ba ito sa kasalukuyang postal savings at postal life insurance?

Ito ay pangangasiwaan ng tanggapan ng koreo. Ang nai-deposito na Postal savings bago ito naisa-pribado ay ililipat sa Postal Savings Co., Ltd. Maari din kayong tumawag sa tanggapan ng koreo para sa pangkaraniwang postal savings at kontrata para sa postal life insurance.

●●Alam mo ba ang serbisyong EMS?

Sa serbisyong EMS, liham, dokumentong bisnis at parsela ay inihahatid sa 120 na bansa. Ang bayad sa EMS ay mula ¥ 900 pataas. Nagkakahalaga ng ¥ 1800 ang 1kilo sa Asia. Sa kawnter ng tanggapan ng koreo, kailangang sulatan ang porma para sa dokumento o parsela.



www.ficcc.jp/foreign/

● Mababasa mo ang “Information Fujimino” na nailimbag sa nakalipas sa internet.

Bago ang pasukan, may medikal tsek para sa mga bagong studyante.

Bawat taon, “Medikal tsek bago pumasok sa paaralan” ay isinasagawa sa mga mag-aaral na papasok sa elementarya tuwing tag-sibol. Sa nakasaad na petsa, hanapin sa paaralan ang kung saan nakalagay ang “Paalala para sa Medikal Tsek”, “Katanungan para sa Medikal Tsek” (isulat lamang ang mga dapat na kailangan), gamit sa pagsusulat at tsinelas. Sa siyudad ng Fujimi, gaganapin ito sa Oktubre 1st hanggang 30th, kaya tumawag lamang sa paaralan kung kailan pwedeng magpa-medikal tsek ang inyong anak. Kung wala kayong matatanggap na “Paalala para sa Medikal Tsek” hanggang Setyembre 29th, tumawag sa dibisyon ng edukasyon.

Skedyul para sa “Pagtitipon ng mga magulang na may anak”

Ang pagtitipon na ito “Pagtitipon ng mga magulang na may anak” ay matunog na sa mga magulang banyaga man o hapones. Kakaibang mga pangyayari bawat buwan ay nakakatulong sa mga abalang magulang para makasama nila ang kanilang anak at makipagsaya. Nakasaad sa ibaba ang skedyul para sa mga sumusunod na buwan. Para sa pagbabago ng skedyul o pangyayari, tumawag lang sa “Fujimino International Cultural Exchange Center”



(TEL/ 2 5 6 – 4 2 9 0), (<http://www.ficec.jp/mail-oya.html>).

10/25	Tayo ng maglaro sa banko	11/22	Masarap na palitang internasyonal②
12/13	Paghubog ng bagay②	1/24	Masarap na palitang internasyonal③
2/21	Maglaro tayo ng bilog na bagay	3/13	Paghubog ng bagay③

Alam mo ba na pinahigpit ang parusa para sa mga lasing na drayber?

Mula sa Setyembre 19th, ang aksiyong kasangkot ang alak at sasakyan na maaring magdulot ng pagmamaneho ng lasing at makasagasa at pagtakas dito ay nahaharap na sa mas pinaigting na parusa. Nakasaad sa ibaba ang mga impormasyon at buod ng bagong parusa.

○ Parusa sa drayber

[Pagmamaneho ng lasing]

mababa sa 3 taong parusa o mababa sa ¥ 500,000 na multa ⇒ mababa sa 5 taong parusa o mababa sa ¥ 1,000,000 na multa

[Pagmamaneho ng nakainom ng alak]

mababa sa 1 taong parusa o mababa sa ¥ 300,000 na multa ⇒ mababa sa 3 taong parusa o mababa sa ¥ 500,000 na multa

○ Parusa sa mga drayber na nagmamaneho ng lasing

★ Car offered

[Pagmamaneho ng lasing]

mababa sa 1 taong parusa o mababa sa ¥ 250,000 na multa ⇒ mababa sa 5 taong parusa o mababa sa ¥ 1,000,000 na multa

[Pagmamaneho ng nakainom ng alak]

mababa sa 6 buwang parusa o mababa sa ¥ 150,000 na multa ⇒ mababa sa 3 taong parusa o mababa sa ¥ 500,000 na multa

★ Parusa sa mga nakainom na drayber

[Pagmamaneho ng lasing]

mababa sa 1 taong at 6 na buwang parusa o mababa sa ¥ 250,000 na multa ⇒ mababa sa 3 taong parusa o mababa sa ¥ 500,000 na multa

[Pagmamaneho ng nakainom ng alak]

mababa sa 6 buwang parusa o mababa sa ¥ 150,000 na multa ⇒ mababa sa 2 taong parusa o mababa sa ¥300,000 na multa

○ Paglabag sa obligasyong pagtulong

mababa sa 5 taong parusa o mababa sa ¥ 500,000 na multa ⇒ mababa sa 10 taong parusa o mababa sa ¥ 1,000,000 na multa

○ Pagtangi sa pagdetek ng kalasingan

mababa sa ¥ 300,000 na multa ⇒ mababa sa 3 taong parusa o mababa sa ¥ 500,000 na multa